# AMAZING GRACE

Pananalangin, Pag-aayuno, at Pagtatalaga sa Kalagitnaan ng Taon

**Hulyo 7–9, 2020**

# AMAZING GRACE

Pananalangin, Pag-aayuno, at Pagtatalaga
sa Kalagitnaan ng Taon

**Hulyo 7–9, 2020**

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 ng Victory. Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit,
ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND) Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Ang pagpotokapi ng babasahing ito ay pinahihintulutan upang magamit
ng mga lokal na iglesya.

Ang babasahing ito ay hindi ipinagbibili.

**victory.org.ph**

# NILALAMAN

Isang Praktikal na Gabay sa Pag-aayuno

Ang Aking Plano

PANIMULA:
Biyayang Kamangha-mangha

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO:
Biyayang Sagana

UNANG ARAW:
Biyayang Nagpapatatag

IKALAWANG ARAW:
Biyayang Nag-uumapaw

IKATLONG ARAW:
Biyayang Nagbibigay-Kakayahan

PAGHINTO SA PAG-AAYUNO:
Biyayang Nagbibigay-Kalakasan

# ISANG PRAKTIKAL NA GABAY SA PAG-AAYUNO

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao.

**Si Jesus ay nag-ayuno.**

> [1]*Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo.* [2]*Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.* **MATEO 4:1,2**
>
> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.* **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Ang pag-aayuno ay nagbibigay sa atin ng espirituwal na kalakasan at naghahanda sa atin upang gawin ang ipinapagawa ng Diyos.

**Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.**

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.* **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nagkakaroon tayo ng daan palapit sa Kanyang puso.

### Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."* **MGA GAWA 13:2**

Kapag ipinagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

### Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> *" ... at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."* **2 CRONICA 7:14**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ibinibigay ng Diyos sa mga bansa ang pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Nakatutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

### Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa paghinto ng mga hindi magagandang adiksiyon.

# Pagpaplano sa Pag-aayuno

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."* **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga susunod na pahina, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano at hilingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at ibahagi sa kanya ang iyong mga *faith goal* at mga nasagot na panalangin. Patuloy na ipanalangin ang isa't isa kahit tapos na ang pag-aayuno.

***PAALALA:*** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## Habang Nag-aayuno

> *Pero sumagot si Jesus, “Sinasabi sa Kasulatan, ‘Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.’”* **MATEO 4:4**

**Magtuon ng Pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga oras ng pananalangin na itatalaga ng iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, mga pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## Paghinto sa Pag-aayuno

> [14]*At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban.* [15]*At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.* **1 JUAN 5:14,15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa natitirang bahagi ng taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# ANG AKING PLANO

## Day 1

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lamang
- ☐ Sabaw o inumin lamang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lamang
- ☐ Iba pa ________________________________

(Mga) Sama-samang Pananalangin na Dadaluhan

________________________________________

## Day 2

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lamang
- ☐ Sabaw o inumin lamang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lamang
- ☐ Iba pa ________________________________

(Mga) Sama-samang Pananalangin na Dadaluhan

________________________________________

## Day 3

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lamang
- ☐ Sabaw o inumin lamang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lamang
- ☐ Iba pa ________________________________

(Mga) Sama-samang Pananalangin na Dadaluhan

________________________________________

# NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS PARA SA . . .

**Mga Nasagot na Panalangin**

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo sa mga nagdaang buwan ng 2020.

# PARA SA NATITIRANG BAHAGI NG 2020, PATULOY AKONG MANANAMPALATAYA PARA SA . . .

**Nais Kong Makamtan para sa Aking Sarili**
Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

**Aking Pamilya**
Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

**Aking Pag-aaral/Trabaho**
Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon

**Aking Paglilingkod**
Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kasama sa Trabaho at Kamag-aral

> *" . . . kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."* **MATEO 18:19**

**Kasama Ko sa Pananalangin:** ____________________

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA KINA . . .

| Pangalan | Mga Ipinapanalangin |
|---|---|

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA SA . . .

## Aking Iglesya

Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan



## PANIMULA:

# BIYAYANG KAMANGHA-MANGHA

Noong nakaraang Enero, naglaan tayo ng isang linggo ng panalangin, pag-aayuno, at pagtatalaga upang marinig ang Diyos at malaman ang Kanyang direksyon para sa atin sa taong ito. Nang buong linggong iyon, pinanghawakan natin ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos upang ito ay mamuno at maghari sa ating buhay. Marami na ang nangyari simula noon, at karamihan sa mga ito ay hindi natin inakalang mangyayari. Sa kabila nito, alam natin na inihanda at pinalakas tayo ng biyaya ng Diyos, dahil **ang biyaya ng Diyos ay nagsisimula sa hangganan ng ating kakayahan**. Hanggang sa ngayon, ang ating pananampalataya at paninindigan ay hindi nagbabago—buong pagpapakumbaba nating hinihiling sa Diyos na paghariin Niya at gawing kapansin-pansin sa ating buhay ang Kanyang kamangha-manghang biyaya.

Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng tapang at ng pananampalataya sa gitna ng mga pagsubok na nararanasan natin. Habang nakatuon tayo sa Kanyang biyaya na kumikilos sa ating buhay, magagawa nating patuloy na umasa, dahil alam natin na kikilos ang Diyos para sa ating kabutihan. Bilang mga mamamayan ng Diyos, tingnan pa natin nang mas maigi ang iba't ibang bahagi ng Kanyang dakilang biyaya habang binibigyan Niya tayo ng kakayahan na maging tinig ng pag-asa at pananampalataya sa mundo.

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO

# BIYAYANG SAGANA

## BASAHIN

> *[3-4]Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo!
> Dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo, ibinigay niya sa atin ang
> lahat ng pagpapalang espiritwal mula sa langit. Bago pa man niya
> likhain ang mundo, pinili na niya tayo para maging banal at walang
> kapintasan sa paningin niya. Dahil sa pag-ibig niya, [5]noong una pa'y
> itinalaga na niya tayo para maging mga anak niya sa pamamagitan
> ni Jesu-Cristo. Ayon na rin ito sa kanyang layunin at kalooban.
> [6]Purihin natin ang Diyos dahil sa kamangha-mangha niyang biyaya
> na ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na
> Anak. [7-8]Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang
> ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki
> ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Binigyan niya tayo ng
> karunungan at pang-unawa [9]para maunawaan ang kanyang lihim na
> plano na nais niyang matupad sa pamamagitan ni Cristo [10]pagdating
> ng itinakdang panahon. At ang plano niya'y pag-isahin ang lahat ng
> nasa langit at nasa lupa, at ipasailalim sa kapangyarihan ni Cristo.*
>
> **MGA TAGA-EFESO 1:3–10**

Noong panahon ni apostol Pablo, ang Efesus ay isa sa mga mayayamang bayan ng Emperyo ng Roma. Pangatlo lamang sila sa pinakamalaking bayan, subalit ang nagpayaman sa bayan nila ay ang pagsamba sa diyosang si Artemis. Ang mga taga-Efeso ay may tapat na debosyon sa kanya. Ang pagbebenta ng mga imahe at handog na hinihingi upang makasamba sa kanya ay kabilang sa mga pinagkakakitaang negosyo noong panahong iyon. Ang templo na inilaan para kay Artemis ang isa sa mga pinakamalaking bangko noong panahon na iyon.

Ito ang uri ng lipunan na kinabibilangan ng mga Kristiyano na nakatira sa Efeso. Sila ay napapalibutan ng mga sumasamba kay Artemis sa isang bayan na mayaman at sentro ng kalakalan. Madali sana para sa kanila ang maakit ng mga yaman na nasa kanilang paligid. Subalit hinikayat sila ni

Pablo na huwag tumingin sa yaman sa mundo, kundi sa tunay na yaman na makikita sa Diyos.

Ginamit ni Pablo ang salitang “napakalaking biyaya” upang ilarawan kung gaano kasagana at kahalaga ang biyaya ng Diyos. Ang nakalulungkot, minsan ay hindi natin napahahalagahan ang biyayang ito. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang maituon natin ang ating pansin at mahigpit na panghawakan ang mga salita, pamamaraan, at ginagawa ng Diyos. Pagkatapos, makikita natin ang ating mga sarili sa isang lugar na puno ng kasaganaan, kabuluhan, at katotohanan. May dalawang mahahalagang katotohanan na makikita sa pahayag na ito.

1. Ang halaga ng isang bagay ay makikita sa halaga ng handang ibayad ninuman para dito. Mahal ang naging kapalit ng pagtubos sa atin ng Diyos. Ang buhay ni Jesu-Cristo ang naging kabayaran para dito (Mga Taga-Efeso 1:7). Ganito tayo pinahahalagahan ng Diyos.
2. Ginawa ng Diyos ang napakahalagang sakripisyong ito hindi dahil hiningi natin ito, kundi dahil sa dakila Niyang pagmamahal sa atin. Maaari nating makita ang pagiging mapagbigay ng isang tao sa pamamagitan ng nagiging tugon niya sa mga humihingi sa kanya ng regalo. Subalit iba ang kaligtasan na ibinigay sa atin ng Diyos. Hindi ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak dahil hinihingi natin ang Kanyang kapatawaran. Ginawa Niya ito dahil ito ang Kanyang kagustuhan—kahit pa tayo ay Kanyang mga kaaway (Mga Taga-Roma 5:8–10).

**Dahil sa masaganang biyaya ng Diyos, matatanggap natin ang Kanyang pagmamahal at kapatawaran na ibinuhos Niya nang labis-labis para sa atin.**

## MGA NAPANSIN O NATUTUNAN

# PAGSASAPAMUHAY

Basahin at pag-isipan ang Mga Taga-Efeso 1:3–7. Anong bahagi ang pinakanangusap sa iyo at bakit? Isulat ito rito at idagdag ang iba pang mga natutunan mo.

Sa anong paraan mo naranasan ang napakalaking biyaya ng Diyos? Paano mo maipakikita ang pasasalamat mo sa Diyos bilang isang taong nakatanggap ng Kanyang biyaya?

Paano ka mamumuhay nang naaayon sa dakilang biyaya ng Diyos? Magsulat ng pangalan ng tatlong tao na nais mong bahaginan ng biyayang ito. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon upang maipakita sa kanila kung paano binago ng biyaya ng Diyos ang iyong buhay.

# PANALANGIN

Ama sa langit, maraming salamat sa pagpapadala Mo kay Jesu-Cristo upang tubusin kami at patawarin kami sa aming mga kasalanan. Alam ko na pinili Mo kami at pinagpala nang lahat ng uri ng pagpapala kay Cristo. Nawa'y makapamuhay kami nang naaayon sa Iyong layunin nang may karunungan at pang-unawa sa pamamagitan ng biyaya na ibinuhos Mo sa amin. Nawa'y bigyan Mo kami ng tapang at habag upang maibahagi namin sa mga tao sa aming paligid ang biyayang ibinigay Mo sa amin para ito ay kanila ring maranasan. Sa pangalan ni Jesus, amen.

# BIYAYANG NAGPAPATATAG

# 1

## BASAHIN

> *[22]“Ngayon, pupunta ako sa Jerusalem dahil ito ang utos ng Banal*
> *na Espiritu sa akin. Hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa*
> *akin doon. [23]Ang alam ko lang, kahit saang lungsod ako pumunta,*
> *pinapaalalahanan ako ng Banal na Espiritu na bilangguan at pag-*
> *uusig ang naghihintay sa akin. [24]Pero hindi mahalaga sa akin kung*
> *ano man ang mangyari sa akin, matapos ko lamang ang gawain*
> *na ibinigay sa akin ng Panginoong Jesus, na maipangaral ang*
> *Magandang Balita tungkol sa biyaya ng Diyos. [25]Napuntahan ko*
> *kayong lahat sa aking pangangaral tungkol sa paghahari ng Diyos,*
> *at ngayon alam kong hindi na tayo magkikita pang muli. [26]Kaya*
> *sasabihin ko sa inyo ngayon, na kung mayroon sa inyo na hindi*
> *maliligtas, wala na akong pananagutan sa Diyos. [27]Sapagkat wala*
> *akong inilihim sa inyo sa aking pagtuturo tungkol sa buong layunin*
> *at plano ng Diyos. [28]Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang lahat ng*
> *mga mananampalatayang pinababantayan sa inyo ng Banal na*
> *Espiritu. Pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos na kanyang tinubos*
> *sa pamamagitan ng sariling dugo. [29]Sapagkat alam kong pagkaalis*
> *ko’y may mga tagapagturo riyan na katulad ng mga lobo na papasok*
> *sa inyo at sisira sa inyong grupo. [30]Darating din ang panahon na*
> *may magtuturo ng kasinungalingan mula mismo sa inyong grupo*
> *at ililigaw nila ang mga tagasunod ni Jesus para sila ang kanilang*
> *sundin. [31]Kaya mag-ingat kayo, at alalahanin ninyong sa loob ng*
> *tatlong taon, walang tigil ko kayong pinaalalahanan araw at gabi*
> *nang may pagluha. [32]At ngayon, ipinagkakatiwala ko kayo sa Diyos at*
> *sa kanyang salita na tungkol sa kanyang biyaya. Makapagpapatibay*
> *ito sa inyong pananampalataya at makapagbibigay ng lahat ng*
> *pagpapalang inilaan ng Diyos para sa lahat ng taong itinuring niyang*
> *sa kanya.”* **MGA GAWA 20:22–32**

Si apostol Pablo ay nagpapaalam sa mga namamahala at namumuno ng iglesya sa Efeso. Nakatutuwa na ipinagkakatiwala sila ni Pablo hindi sa

isang obispo, komite, o pamahalaan, kundi sa salita na tungkol sa biyaya ng Diyos.

Ang mga mananampalataya sa Efesus ay ipinagkatiwala ni Pablo sa Diyos at sa mensahe ng Kanyang biyaya. Ginawa niya ito dahil alam niya na ang epekto ng salita tungkol sa biyaya ng Diyos sa lahat ng mga nakakarinig nito ay may dalawang bahagi.

1. Ang salitang patungkol sa biyaya ng Diyos ay nagpapatatag sa mga tagapakinig nito. Ang "nagpapatatag" ay isang salitang ginagamit sa larangan ng arkitektura na nangangahulugan ng pagpapatibay sa isang bahay. Ang biyaya ng Diyos, gaya ng sinasabi sa Kanyang salita, ay nagpapatibay sa atin upang maipagpatuloy natin ang Kanyang ginagawa. Anuman ang mga pagsubok na maranasan natin, ang salitang patungkol sa biyaya ng Diyos ay tiyak na magpapatatag sa atin.
2. Pinahihintulutan tayo nito na matanggap ang ating espirituwal na mana kay Cristo. Dahil sa biyaya ng Diyos, tayo ay naging tagapagmana rin gaya ni Cristo. Ang lahat ng mamanahin ni Cristo ay mamanahin din natin dahil sa ating pananampalataya sa Kanya. Ang balitang ito ay tunay na kamangha-mangha!

Ngayon, kung ikaw ay nanghihina at pakiramdam mo ay wala kang magawa, sinasabi ng Kanyang salita na "pinalalakas Niya ang mga nanghihina at ang mga napapagod" (Isaias 40:29). Kahit kaunti lamang ang mayroon ka dito sa mundo, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, mapapasaiyo ang buhay na walang hanggan at ang Kanyang kaharian.

**Ang nagpapatatag na biyaya ng Diyos ang nagbibigay sa atin ng kalakasan at ng daan upang matanggap natin ang ating pamana kay Cristo.**

## MGA NAPANSIN O NATUTUNAN

# PAGSASAPAMUHAY

Pag-isipan ang mga nangyari nitong nakaraang anim na buwan. Paano ka pinalakas ng salitang patungkol sa biyaya ng Diyos noong mga panahong napapagod at nanghihina ka na?

Anong mga talata mula sa Bibliya ang madalas mong binabasa upang makatanggap ka ng kalakasan mula sa Diyos? Isulat ang mga ito sa puwang sa ibaba. Paano ka patuloy na magiging matatag sa pamamagitan ng salitang patungkol sa biyaya ng Diyos upang magawa mong manindigan nang may kalakasan anuman ang mangyari sa hinaharap?

Ang biyaya ng Diyos ay nagpapalakas sa atin. Mayroon bang tao sa paligid mo na kailangang mapalakas ng biyaya ng Diyos? Paano mo mahihikayat ang taong ito na hangarin ang Diyos at tanggapin ang Kanyang biyaya?

# PANALANGIN

Ama, alam ko na kung wala ang biyayang ipinagkakaloob Mo sa akin, hindi ko magagawang maging malakas at tumayo nang may pananampalataya. Maraming salamat sa kaloob Mong biyayang nagpapatatag at nagpapalakas ng aking pananampalataya. Malakas ang aking loob dahil sa kaalaman na anuman ang kaharapin ko, ang biyaya Mo ang nangangalaga at nagpapalakas sa akin. Hindi ako uurong sa anumang pagsubok na kakaharapin ko dahil alam ko na parati Kitang kasama. Maraming salamat dahil sa pamamagitan ng Iyong biyaya, ako ay tagapagmana rin kasama ni Cristo. Sa pangalan ni Jesus, amen.

# BIYAYANG NAG-UUMAPAW

# 2

## BASAHIN

> *[14]Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.*
> *[15]Nagpatotoo si Juan tungkol sa kanya at ito ang kanyang sinabi: "Siya ang tinutukoy ko nang sabihin kong, 'May isang darating na kasunod ko, mas dakila siya kaysa sa akin, dahil nariyan na siya bago pa ako ipanganak.'"*
> *[16]Sa kasaganaan ng kanyang biyaya ay tumanggap tayong lahat ng sunud-sunod na pagpapala.*
> *[17]Ibinigay sa atin ng Diyos ang Kautusan sa pamamagitan ni Moises, ngunit ang biyaya at katotohanan ay napasaatin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.*
> *[18]Wala pang nakakita sa Diyos Ama kahit kailan, ngunit ipinakilala siya sa atin ng kanyang Bugtong na Anak, na Diyos din nga at kapiling ng Ama.* **JUAN 1:14–18**

Isang nakamamanghang pahayag ang ibinigay ni apostol Juan tungkol sa pagkakatawang-tao ni Jesus. Sa pamamagitan ng paghahayag ng Banal na Espiritu, pinahintulutan tayo ni Juan na masilip ang iba't ibang larawan ng katangian at gawain ni Cristo. Ipinakita niya na si Jesu-Cristo ang kumakatawan sa biyaya at katotohanan, at ginamit niya ang salitang "kasaganaan" upang ilarawan kung gaano kadakila ang biyayang ito. Ang salitang "biyaya," sa kontekstong ito, ay tumutukoy sa kagustuhan ng Diyos na pagpalain tayo. Si Jesus ang ganap na larawan ng biyaya ng Diyos, na ibinibigay Niya sa atin.

Para sa atin, nangangahulugan ito na kay Cristo, ang biyaya ng Diyos ay laging nag-uumapaw at naghihintay na ito'y panghawakan natin. Sa katunayan, ang kasaganaan ni Cristo ay nangangahulugan na hindi kailanman mauubos ang biyaya ng Diyos. Mula sa masaganang biyaya ng Diyos, maya't maya tayong nakakatanggap ng biyaya araw-araw—at patuloy itong nagaganap. **Araw-araw ay matatanggap natin ang pagmamahal, awa, at biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.**

Ipinaliwanag din ni Pablo ang kaibahan ng kautusan na ibinigay kay Moises sa biyaya at katotohanan na mayroon tayo kay Cristo. Bagama't

hindi natin nagugustuhan ang kautusan dahil alam natin na hindi natin ito ganap na masusunod at kakailanganin pa nating mabayaran ang hinihingi nitong kabayaran, ang kautusan at biyaya ng Diyos ay hindi naman magkasalungat. Hindi sila nagsasalungat na mga prinsipyo; nagbibigay sila ng karagdagan sa isa't isa. Ang hinihingi ng kautusan ay ibinibigay naman ng biyaya at katotohanan kay Cristo. Nang dumating si Cristo, inihayag Niya na hindi Siya naparito upang wakasan ang kautusan kundi upang bigyan ito ng katuparan. Kung ano ang hindi natin magagawa sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan, ginawa ni Jesus para sa atin sa pamamagitan ng biyaya at katotohanan.

Ngayon, maaaring kinakailangan mo ng tulong dahil sa mga pagsubok na kinakaharap mo. Maaari kang lumapit kay Jesus, ang pinagmumulan ng ating walang hanggang biyaya. Kung tila hindi mo na kinakaya ang mga pinagdaraanan mo sa buhay, bibigyan ka Niya ng biyaya upang mapagtagumpayan ang mga kinakaharap mong sitwasyon. Kay Jesus, matatanggap mo ang biyaya at habag sa oras ng iyong pangangailangan.

## MGA NAPANSIN O NATUTUNAN

# PAGSASAPAMUHAY

Namumuhay ka ba ayon sa kautusan o ayon sa biyaya ng Diyos? Sa halip na piliting paghirapan na matanggap ang Kanyang biyaya sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting bagay, paano mo magagawang ganap na umasa sa Kanyang biyaya? Sa pamamagitan ng pananampalataya, nakatitiyak ka ba na ang kasaganaan ng biyaya ng Diyos sa buhay mo ay hindi mauubos?

Kung nararamdaman natin na tila hindi na natin kaya, ang biyaya ng Diyos ang pupuno sa lahat ng ating pangangailangan at magbibigay sa atin ng kasiyahan. Paano mo maibabahagi ang Kanyang biyaya sa mga tao sa iyong paligid?

Ano ang ilan sa mga kinakaharap mo sa buhay na nagiging sanhi kung bakit ka nanghihina, napapagod, o nawawalan ng pag-asa? Paano ka patuloy na makatatanggap ng biyaya ng Diyos upang harapin ang mga pagsubok na ito? Basahin ang Juan 1:14–18 at isulat ang iyong personal na deklarasyon ng pananampalataya ayon sa pahayag na ito.

# PANALANGIN

Ama, nagpapasalamat po ako sa sakripisyo na ginawa ni Jesus—na Siya ay nagkatawang-tao at namuhay kasama namin. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay, nakita namin ang Iyong kaluwalhatian na puno ng biyaya at katotohanan. Sa kabila ng nag-uumapaw na mga pagsubok at pangangailangan sa buhay, nakatitiyak ako na ibibigay Mo ang pagmamahal, habag, at kakayahan na kinakailangan ko araw-araw. At dahil dito, ang aking kaluluwa ay nasisiyahan. Sa pagbabasa ko ng Iyong salita, nawa'y patuloy Kitang makilala. Sa pangalan ni Jesus, amen.

# BIYAYANG NAGBIBIGAY-KAKAYAHAN

# 3

## BASAHIN

> *[1]Mga kapatid, nais kong ipaalala sa inyo ang Magandang Balita*
> *na ipinangaral ko sa inyo. Ito ang aral na inyong tinanggap at*
> *hanggang ngayon ay pinanininindigan ninyo. [2]Sa pamamagitan*
> *nito'y maliligtas kayo kung panghahawakan ninyong mabuti ang*
> *ipinangaral ko, maliban na lamang kung hindi talaga tunay ang*
> *inyong pananampalataya. [3]Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang*
> *pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay*
> *upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan.*
> *[4]Inilibing siya ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din*
> *sa Kasulatan. [5]Nagpakita siya kay Pedro, at sa iba pang 12 apostol.*
> *[6]Pagkatapos, nagpakita rin siya sa mahigit 500 na mga kapatid*
> *na nagkakatipon. Karamihan sa kanila'y buhay pa hanggang*
> *ngayon, ngunit ang ilan sa kanila ay patay na. [7]Nagpakita rin siya*
> *kay Santiago, at pagkatapos sa lahat ng apostol. [8]At sa kahuli-*
> *hulihan ay nagpakita rin siya sa akin. Ang katulad ko'y isang sanggol*
> *na ipinanganak nang wala sa panahon dahil biglaan ang aking*
> *pagkakilala sa kanya. [9]Ako ang pinakahamak sa mga apostol at hindi*
> *nga ako karapat-dapat tawaging apostol dahil inusig ko ang iglesya*
> *ng Diyos. [10]Ngunit dahil sa awa ng Diyos sa akin, naging apostol*
> *ako. At hindi nasayang ang biyayang ipinagkaloob niya sa akin,*
> *dahil higit akong nagpagal kung ihahambing sa ibang mga apostol,*
> *bagama't ito'y sa pamamagitan ng tulong ng Diyos at hindi ng aking*
> *sarili lamang. [11]Kaya nga, walang pagkakaiba kung sila o ako ang*
> *nangangaral sa inyo. Ang mahalaga'y iisa ang aming ipinangangaral*
> *at iyon din ang inyong pinananaligan.* **1 CORINTO 15:1–11**

Ang mga tao ay kadalasang nakikilala sa dalawang bagay—sino sila at ano ang kanilang trabaho. Karamihan sa atin ay kinikilala ang ating sarili ayon sa mga nangyari sa nakaraan dahil malaki ang epekto nito sa paghubog sa pagkakakilala natin sa ating mga sarili. Subalit ang isang bagay na bumabago o nag-iiba ng direksyon kung paano natin nakikita ang ating

sarili ay ang biyaya ng Diyos. **Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahan upang maisakatuparan kung sino tayo ayon sa itinakda Niya at upang magawa natin kung ano ang nais Niyang ipagawa sa atin.**

Kahit pa mayroon tayong madilim na nakaraan o nakaraan na nagbibigay sa atin ng kaisipan na hindi tayo karapat-dapat na tumanggap ng biyaya ng Diyos, ibinibigay pa rin Niya ang biyayang ito sa atin. Ang pagbabagong naranasan ni apostol Pablo sa pamamagitan ng Biyaya ng Diyos ay maaaring isa sa mga radikal na pagbabago. Malamang ay isa siya sa mga pinakakinatatakutang taga-usig ng mga mananampalataya ng Diyos noong panahong iyon. Pinupuntahan niya ang bawat bayan upang bihagin ang mga Kristiyano at ipapatay sila sa pamamagitan ng paghagis sa kanila ng bato. Subalit nang makatagpo niya si Jesus habang siya ay papunta sa Damascus, nanampalataya siya sa Kanya.

Naaapektuhan din ng biyaya ng Diyos ang ating mga ginagawa. Ang ginawa ni Pablo matapos niyang makatagpo si Cristo ay umayon sa bago niyang pagkakakilanlan. Naging masigasig siya nang higit pa sa ibang mga apostol upang magawa ang iniatas sa kanya ng Diyos. Nagkaroon ng maraming bunga ang pagtatatag niya ng mga iglesya, isinulat niya ang karamihan ng mga aklat sa Bagong Tipan, at nagsanay siya ng maraming mga tagapamahala ng iglesya. Hindi niya magagawa ang anuman sa mga ito kung wala ang biyaya ng Diyos.

Gaya ni Pablo, ang ating nakaraan ay hindi hadlang sa bagong pagkakakilanlan na mayroon tayo kay Cristo. Bilang mga Kristiyano, kailangan nating maintindihan na bagama't totoo kung ano man tayo sa ating nakaraan, tayo ay nagbago na. Nangyari ito sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos. Ang biyaya ng Diyos ang *reset button* na maaari nating pindutin dahil ito ang tunay na bumabago ng ating pagkakakilanlan upang tulad ni Pablo, magawa nating ihayag na kung ano man tayo ngayon, ito ay *dahil sa awa ng Diyos* sa atin.

## MGA NAPANSIN O NATUTUNAN

# PAGSASAPAMUHAY

Dahil sa kaalamang binabago ng Diyos ang iyong pagkakakilanlan, maaaring may mga paniniwala o kaisipan kang kailangang buwagin sa iyong buhay. Isulat sa talaan sa ibaba kung paano mo nakikita ang iyong sarili at kung ito ay hindi naaayon sa sinasabi ng Bibliya, magsulat sa katabing hanay ng isang pahayag mula sa Bibliya na nagbibigay ng maka-diyos na pananaw.

| Paano ko Nakikita ang Aking Sarili | Ang Sinasabi ng Bibliya |
|---|---|
| | |

Hilingin sa Diyos na i-reset ang pagkakakilala mo sa iyong sarili at ihayag mo na: “**Kung sino man ako, ito ay ayon sa biyaya ng Diyos.**”

Ano ang pinaniniwalaan mong magagawa mo nang ayon sa biyaya ng Diyos sa darating na mga araw, linggo, o buwan?

Ang tawag at layunin ng Diyos sa ating buhay ay imposibleng matupad kung wala ang Kanyang biyaya. Hingin sa Diyos ang lakas ng loob upang ipangaral ang ebanghelyo o kaya ay ang iyong personal na patotoo sa isang malapit na kaibigan ngayon. Isulat ang pangalan ng taong ito sa nakalaang puwang sa ibaba at ilang pahayag mula sa Bibliya na ibabahagi mo sa kanya.

# PANALANGIN

Maraming salamat, O Diyos, sa biyaya Mo na tumutulong sa amin. Sa kabila ng aking nakaraan at mga kasalanan, ipinakita Mo pa rin ang iyong biyaya sa akin. Idinadalangin ko na habang tinutupad ko ang Iyong layunin sa aking buhay, lagi kong maaalala na ako ay nagbago hindi dahil sa anumang ginagawa ko kundi dahil sa Iyong biyaya. Nawa ay mamuhay ako nang naaayon sa tawag Mo sa buhay ko, upang ang biyaya Mo sa buhay ko ay hindi mawalan ng saysay. Ihahayag ko araw-araw na kung sino man ako ngayon, ito ay *dahil sa awa Mo*. Sa pangalan ni Jesus, amen.

PAGHINTO SA PAG-AAYUNO

# BIYAYANG NAGBIBIGAY-KALAKASAN

## BASAHIN

*[1]Bumalik ang anghel na nakipag-usap sa akin at ginising ako
dahil tila nakatulog ako. [2]Tinanong niya ako, "Ano ang nakita mo?"
Sumagot ako, "Nakita ko ang isang gintong patungan ng ilawan.
Sa itaas nito ay may mangkok na lalagyan ng langis. Sa paligid ng
mangkok ay may pitong ilawan na ang bawat isa ay may pitong tubo
na dinadaluyan ng langis. [3]May dalawang puno ng olibo sa magkabila
nito, isa sa kanan at isa sa kaliwa." [4]Tinanong ko ang anghel na
nakikipag-usap sa akin, "Ano po ba ang ibig sabihin ng mga iyan?"
Sumagot siya, [5]"Hindi mo ba alam ang ibig sabihin ng mga iyan?"
Sumagot ako, "Hindi po." [6]Sinabi niya sa akin, "Bago ko sagutin iyan,
pakinggan mo muna itong mensahe ng Panginoong Makapangyarihan
na sasabihin mo kay Zerubabel: "Zerubabel, matatapos mo ang
pagtatayo ng templo hindi sa pamamagitan ng lakas o kakayahan
ng tao kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu. [7]Maging kasinlaki
man ng bundok ang hadlang na iyong haharapin, papatagin iyan.
Matatapos ang templo, at habang inilalagay ang kahuli-hulihang
bato nito, isisigaw ng mga tao, 'Panginoon, pagpalain n'yo po ito.'"
[8]Kaya sa pamamagitan ng anghel, sinabi sa akin ng Panginoon
[9]na matatapos ang templo sa pamamahala ni Zerubabel, gaya ng
pamamahala niya sa pagtatayo ng pundasyon nito. At kapag nangyari
na ito, malalaman ninyo na ang Panginoong Makapangyarihan ang
nagsugo sa akin sa inyo. [10]May mga taong kumukutya dahil kakaunti
pa lamang ang nagagawa sa pagpapatayo ng templo. Pero matutuwa
sila kapag nakita na nilang inilalagay ni Zerubabel ang pinakahuli
at natatanging bato sa templo. Pagkatapos, sinabi sa akin ng anghel,
"Ang pitong ilawang iyan ay ang mata ng Panginoon na nagmamasid
sa buong mundo."* **ZACARIAS 4:1–10**

Sa pahayag na ating binasa, dalawampu't taon na ang nakalipas simula nang iatas kay Zerubabel ang pagsasa-ayos sa templo ng Diyos. Sa panahong ito, may dalawang problema siyang kinakaharap: ang mga

kaaway na nagtatangkang ipahinto ang kanilang proyekto at ang panghihina ng loob at pagod na unti-unting pumapasok sa puso ng mga mamamayan ng Diyos. Pinalakas ng Diyos ang loob ni Zerubabel sa pamamagitan ng paghahayag na ibibigay Niya ang biyaya upang matapos nila ang ipinapagawa sa kanila.

Naranasan mo na ba ang tulad sa naramdaman ni Zerubabel, na masyadong mahirap ang ibinigay sa iyong trabaho at napapagod na maging ang kaluluwa mo? Maaaring mapalakas ang ating loob ng pahayag na ibinigay sa kanya. Magagawa natin ang iniatas sa atin ng Diyos—*hindi sa pamamagitan ng lakas* o kaya ay *kakayahan ng tao*, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Gaya ng sinabi ni G. Campbell Morgan, *"Not by our resourcefulness, nor by our resoluteness, but by His spiritual resources!"* (Hindi sa pamamagitan ng sarili nating kapamaraanan o kaya ay determinasyon, kundi sa pamamagitan ng Kanyang espirituwal na yaman!) Sa pamamagitan ng biyaya at kalakasan ng Diyos, magagawa natin anuman ang ipagawa Niya sa atin.

Ang biyaya ng Diyos ay nakita sa paraan kung paano Niya tinulungan at iniligtas ang Kanyang mga tagapaglingkod. Siya ay namagitan sa pamamagitan ng paghipo sa puso ng mga hari na pumayag na maisaayos nila ang templo. Ang templo ay kumakatawan sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga mamamayan ng Diyos. Dito nananahan ang Diyos at dito sila sumasamba sa Kanya. Nagawa nilang maisaayos ang templo sa kabila ng oposisyon mula sa kanilang mga kaaway.

Mabibigyan tayo ng kalakasan ng loob ng katotohanan na tutuparin ng Diyos anuman ang Kanyang kalooban. Hindi ito nangangahulugan na hindi na tayo kikilos. Hindi ito nangangahulugan na hindi na tayo makikibahagi sa Kanyang ginagawa. Si Zerubabel ay nagpatuloy sa pagtatrabaho sa loob ng anim pang taon bago natapos ang pagsasaayos ng templo. Subalit nagawa nilang magtrabaho nang maayos sa pamamagitan ng pag-asa sa kalakasan ng Diyos na Kanyang ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

Tulad nito, tayo ay magugulat at masisiyahan sa mga magagawa natin sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Ang masasabi na lamang natin ay ang sumang-ayon sa inihayag ni Zerubbabel: *Panginoon, pagpalain n'yo po ito*. Ipinapakita nito ang katotohanan na **sinisimulan ng Diyos ang Kanyang mabubuting ginagawa sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at sa pamamagitan din ng Kanyang biyaya, tatapusin Niya ang mga ito sa pamamagitan natin.**

## MGA NAPANSIN O NATUTUNAN

# PAGSASAPAMUHAY

Sa gitna ng isang pagsubok, saan o kanino ka kadalasang umaasa? Ano ang ibig sabihin ng pag-asa sa biyaya ng Diyos?

Ano sa palagay mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos tungkol sa mga pagsubok na kinakaharap mo ngayon? Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang ipahayag ang biyaya ng Diyos? Handa ka bang magtiyaga at magpatuloy upang makita ang katuparan nito balang araw?

Sa pagtatapos ng pananalangin at pag-aayuno, nananatili ang hangarin natin na mas maintindihan pa ang salita ng Diyos at ang Kanyang biyaya. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng paghahayag at pagdarasal ng Kanyang salita araw-araw. Ngayon, isulat ang iyong sariling panalangin ayon sa Zacarias 4:6,7.

# PANALANGIN

Ama sa langit, maraming salamat sa biyaya na ibinibigay Mo upang masimulan at matapos ang mabuti Mong ginagawa sa buhay namin. Inaamin ko na hindi ko kakayanin ang anumang bagay na ipinapagawa Mo sa akin nang wala ang Iyong biyaya. Nawa ay patuloy kong maalala na ang pagtupad sa Iyong layunin ay hindi ayon sa sarili kong lakas o kapangyarihan, kundi sa pamamagitan lamang ng Iyong Espiritu. Kailangan ko ang Iyong biyaya upang magawa ko ang lahat ng ipagagawa Mo sa akin. Sa makapangyarihang pangalan ni Jesus, amen.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

victory.org.ph

victoryph

#ENFast2020 #AmazingGrace2020